



## Summer Holiday Study Class Magkasama nating gawin ang mga takdang-aralin sa bakasyon sa tag-init!

Gaganapin ang isang “Summer Holiday Study Class” para sa mga estudyanteng nasa ika-3 baitang sa elementarya hanggang ika-3 baitang sa junior high school na nag-aaral ng wikang Hapon. Ang mga boluntaryong nakakumpleto ng pagsasanay ng aming asosasyon ay magbibigay ng suporta sa mga batang nag-aalala sa wikang Hapon sa kanilang mga takdang-aralin sa bakasyon sa tag-init.

🕒 Agosto 7 (Miyerkules), 8 (Huwebes), 9 (Biyernes), 2024 9:30 am - 11:30 am

🆓 Libre

👤 20 katao

• Mga estudyanteng nasa ika-3 baitang sa elementarya hanggang junior high school na naninirahan o pumapasok sa paaralan sa Ota City na may koneksyon sa ibang bansa

📄 Nakalaang form sa website ng asosasyon



### ■ Klase sa Suporta sa Pag-aaral ng mga Bata

Isa itong klase para sa mga estudyante sa elementarya at junior high school na nag-aaral ng wikang Hapon. May mga klase mula Setyembre 25 (Miyerkules) hanggang Disyembre 4 (Miyerkules), 2024. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.



📍 Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

📞 Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail mail@ota-goca.or.jp

## ■ Tungkol sa aplikasyon para sa exemption sa National Pension Insurance premium

May sistema ng exemption kapag nahihirapang bayaran ang National Pension Insurance premium. Kailangan ng mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan, Basic Pension Number Notice, at iba pa para sa aplikasyon. Magkakaroon ng pagsisiyasat sa kita sa nakaraang taon ng bawat isa sa aplikante, asawa, at pinuno ng sambahayan. Kung nasiyasat at naaprubahan ng pension office pagkatapos ng aplikasyon, ma-e-exempt sa buong halaga o bahagi ng National Pension Insurance premium. Ang sakop na panahon ng aplikasyon para sa exemption ay hanggang sa nakalipas na 2 taon at 1 buwan. Kakailanganin ng aplikasyon bawat taon. Kapag may mga hindi maintindihan, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.



© Ota City

- ☎ Pumunta sa tanggapan o ipadala sa pamamagitan ng koreo
  - ☎ National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division
- ☎ 03-5744-1214  
Lunes - Biyernes 8:30 am - 5:00 pm

Japan Pension Service Ota Branch Office

3F Technoport Kamata Center Building, 2-16-1 Minami-Kamata, Ota-ku

☎ 03-3733-4141

Lunes 8:30 am - 7:00 pm, Martes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm, Ika-2 Sabado 9:30 am - 4:00 pm

[Website ng Ota City]



## ■ Tungkol sa pagbabawas ng nakapirming halaga ng 2024 individual resident tax

Ang pagbabawas ng nakapirming halaga ng buwis sa piskal na taong 2024 (para sa individual resident tax) ay isasagawa ayon sa sumusunod.

**Mga elihible:** Mga individual resident taxpayer na may kabuuang kita sa nakaraang taon na 18.05 milyon yen pababa

**Halaga ng pagbabawas:** 10,000 yen para sa mismong tao at kada isang dependent na pamilya o kamag-anak na elihible sa pagkaltas kabilang ang asawa (Iba pa)

Ang mga elihible ay limitado lamang sa mga may address sa Japan. Hindi kailangan ng aplikasyon para tumanggap ng pagbabawas ng nakapirming halaga sa buwis. Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City.

\*Para sa pagbabawas ng nakapirming halaga ng income tax (30,000 yen kada tao), mangyaring kumpirmahin ang website ng National Tax Agency.

- ☎ Taxation Division
- ☎ 03-5744-1194~1196  
FAX 03-5744-1515

[Dito para sa resident tax]



[Dito para sa income tax]



© Ota City

## ■ Mangyaring gamitin ang app para sa paghihiwalay ng basura ng Ota City

Nakaranas ka na ba ng problema tulad ng kung kailan ang araw ng pagtatapon ng basura o paano paghihiwalayin ang mga ito? Ang Ota City ay namamahagi ng app na nagbibigay-daan para sa mga gumagamit na madaling makumpirma ang mga madalas itanong, tulad ng araw ng koleksyon ng basura, paano magtapon ng basura, mga dapat tandaan kapag magtatapon ng basura, diksyunaryo sa paghihiwalay ng basura, atbp. gamit ang iyong smartphone na sanay kang gamitin. Mangyaring gamitin ito.

📞 Collection and Recycling Section, Sanitation Division

☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550

E-mail: kan-seso@city.ota.tokyo.jp

[Dito para sa impormasyon tungkol sa app para sa paghihiwalay ng basura ng Ota City]



©Ota City

## ■ Proyekto sa Paggunita ng Deklarasyon ng Ota Peaceful City "Peace Gathering"

Sa Ota City, gaganapin ang "Peace Gathering" na may layunin na maipasa ang kabuluhan at kahalagahan ng kapayapaan sa nakababatang henerasyon at maipasa ang mapayapang lungsod na walang digmaan sa kinabukasan.

[Peace Commemoration Ceremony, atbp.] (Mula 10:00 am) Peace Commemoration Ceremony, Peace Panel Exhibit, workshop, atbp.

[Mga paputok na sagisag ng hangarin para sa kapayapaan] (mula 7:00 pm)

Paglulunsad ng mga paputok

🕒 Agosto 15, 2024 (Huwebes)

📍 Peace Commemoration Ceremony, atbp. Ota City Residents Hall (Aprico) (5-37-3 Kamata, Ota-ku)

Mga paputok na sagisag ng hangarin para sa kapayapaan, Tamagawa riverbed (Patungong 4 chome Nishi-Rokugo, Ota-ku)

📞 Cultural Promotion Section, Cultural Promotion Division

☎ 03-5744-1226 FAX 03-5744-1539

E-mail: bunka@city.ota.tokyo.jp

## ■ Espesyal na Eksibisyon sa paggunita ng ika-5 anibersaryo ng Katsu Kaishu Memorial Museum Eksibisyon ng pangalawang koleksyon: Makasaysayang pamana ni Kaishu na napanatili at ipinapasa

Sa Setyembre 7, 2024, ipagdiriwang ang ika-5 anibersaryo ng Katsu Kaishu Memorial Museum. Sa eksibisyon kung saan gugunitain ito, ipapakita ang mga hindi pa naipakitang materyales na inihayag sa pamamagitan ng pananaliksik, at kasabay nito, ipapakilala din ang mga paraan ng pag-restore ng mga mahahalagang makasaysayang materyales, atbp.

🕒 Hulyo 12 (Biyernes) - Nobyembre 10 (Linggo), 2024  
Oras na bukas: 10:00 am - 6:00 pm

\*Sarado tuwing Lunes (sa susunod na araw kung ang Lunes ay isang pampublikong holiday)

\*Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

📍 Katsu Kaishu Memorial Museum (2-3-1 Minami-Senzoku, Ota-ku)

👛 Bayad sa pagpasok: Pangkalahatan 300 yen, elementarya at junior high school 100 yen (may iba't-ibang diskwento)



📞 Katsu Kaishu Memorial Museum

☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610



## ■ Book Presentation (Bibliobattle)

Ito ay pagpapakilala ng mga libro sa wikang Hapon ng mga dayuhang naninirahan sa Ota City. Hihilingin sa mga lumahok na bumoto kung aling libro ang nais nilang basahin.

(Para sa mga dayuhang nais lumahok bilang presenter, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang hiwalay)

- 🕒 Setyembre 8, 2024 (Linggo) 2:00 pm - 4:00 pm
- 📍 Omori-Minami Library 2nd floor Multipurpose room (1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku)
- 📖 Libre
- 👤 Kapasidad: 20 katao (kailangan ng reserbasyon)
- 📄 Pumunta sa opisina o tumawag (panahon ng aplikasyon: Agosto 9 (Biyernes) - Agosto 30 (Biyernes))
- 📞 Omori-Minami Library  
☎ 03-3744-8411  
FAX 03-3744-8421

## ■ Furuhama "Beach Yoga"

Magyo-yoga sa dalampasigan habang nakatingin sa dagat. Nais mo bang ma-refresh ang iyong isip at katawan habang nararamdaman ang simoy ng hangin at ang sinag ng araw? Maaaring lumahok ang kahit na sino, kaya mangyaring huwag mag-atubiling lumahok.



- 🕒 <Umaga>  
Setyembre 28 (Sabado), Oktubre 12 (Sabado), 2024 9:30 am - 10:30 am  
<Paglubog ng araw>  
Oktubre 6 (Linggo), Oktubre 20 (Linggo), 2024 4:30 pm - 5:30 pm
- 📍 Beach Area, Omori Furusato-no-Hamabe Park (1-1 Furusato-no-Hamabe Park, Ota-ku)
- 📖 Libre
- 👤 Unang 30 kataong dumating
- 📄 Mag-apply sa venue sa mismong araw
- 📞 Ota Sports Association  
☎ 03-5748-5400  
FAX 03-6410-6955  
E-mail: info@sports-ota.or.jp



Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Zoshiki.

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)

☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)



▼ Multilingual Consultation Desk



Possibleng makita ang back issue ▶

